TALAAN NG KAALAMAN NOBYEMBRE 2022

Proyekto ng Paglatag sa 15th Ave W/NW at Ballard Bridge

Malawakang Pananaw ng Proyekto

15th Ave W/NW ay isang mahalagang arteryal na sinisilbihan ang hilagang-kanluran ng Seattle. Bilang bahagi ng Levy to Move Seattle Paving Program, lalatagan ng Seattle Department of Transportation (SDOT) ang 15th Ave W/NW at ang Ballard Bridge Deck mula W Emerson St hanggang 57th St sa lalong madaling panahon ng Tag-init 2023. Ipanunumbalik ng proyekto ang kondisyon ng kritikal na piyesa ng network ng transportasyon sa Seattle at makikibahagi sa pinangako ng Levy ng SDOT na latagan ang 180 lane-milya ng mga kalsadang arteryal sa darating na 2024.

Kabilang sa mga pagpapabuti ang mga sumusunod:

- Ang paglalatag ng mga lugar sa 15th Ave N/NW mula W Emerson hanggang NW 57th St
- Pagpapabuti ng mga bangketa, driveway, at mga daluyan ng tubig-ulan sa mga piling mga lugar kasama ng mga lugar para sa proyektong paglalatag
- Pasiglain ang mga karatula sa tawiran ng mga naglalakad at ang mga marka sa pamamagitan ng panibagong pintura sa mga kasalukuyang lokasyon sa kahabaan ng 15th Ave W/NW
- Pagpipintura ng bagong pulang mga marka sa kalsada ng 15th Ave NW para sa mga kasalukuyang patungong hilagang mga bus lamang na daanan sa gitna ng NW 52nd St at Market St
- Pagpapalit ng mga joints ng pagpapalawak ng tulay
- Pagpapabuti ng kaligtasan sa lindol sa pamamagitan ng pagpapalakas ng Leary Way na Tulay (matatagpuan sa pinaka-hilaga ng Tulay sa Ballard)

Bisitahin ang webpage ng proyekto para sa karagdagan pang impormasyon at magsign-up para sa email ng mga update ng proyekto.

IMPORMASYON AT KONTAK NG PROYEKTO
Jules Posadas, Pinuno ng Pakikipag-ugnayan
15thAveW_NWpaving@seattle.gov o (206) 651-3950
www.seattle.gov/transportation/15thAveBallardBridgePaving

Seattle Department of Transportation

The Levy to MOVE SEATTLE

ISKEDYUL NG PROYEKTO*

Abril 2022: Maagang disenyo

Tag-sibol 2023: Disenyo

Tag-init 2023: Konstruksyon

Tag-lagas 2024: Pagkukumpleto

*Ang mga iskedyul ay palaging napapailalim sa pagbabago dahil sa pagkakaroon ng supply at masamang panahon.

Pinagmulan ng Proyekto

Bawat taon, aming linalatagan ang mga arteryal na daanan ng mga sasakyan na masama ang kalagayan upang gawin itong mas-ligtas, mas-pantay, at mapatagal ang buhay sa paggamit nito. Ang pagpapanatili na nasa maayos na kalagayan ang ating sistema sa transportasyon mula sa pagpapaayos ay nakakatulong sa pagpapababa ng gastos sa mga hinaharap ng pagmementena. Binibigyan namin ng priyoridad ang paglalatag batay sa kondisyon ng pagkalatag ng kalye, kapal ng trapiko, pagkakapantay-pantay sa heograpika, gastos, at pagkakataon sa mga kaloob o pakikipag-ugnayan sa ibang mga proyekto ng lugar.

IBIG NAMIN NA KAYO AY MARINIG

Mangyaring makilahok sa aming survey at ipa-alam sa amin ang tungkol sa inyong pagbibiyahe at pangangailangan sa pag-biyahe sa kahabaan ng 15th Ave W/NW at ng proyekto sa koridor ng Ballard Bridge. I-scan ang QR code o bumisita sa www.surveymonkey.com/r/6YQSRG9 upang kumuha ng sandaling sarbey na makakatulong sa amin na mabawasan ang mga epekto ng oras ng konstruksyon sa mga residente at mga negosyo. Mananatiling bukas ang sarbey hanggang ika-13 ng Enero, 2023.